

Paggamit ng vape sa mga pampublikong lugar sa QC, bawal na

Bawal na ang paggamit ng vape cigarette sa mga pampublikong lugar sa Quezon City.

Kasabay nito, nanawagan si Quezon City Vice Mayor **Joy Belmonte** sa mga vape user sa lungsod na tumalima sa bagong ordinansa.

Ayon kay Belmonte, layunin ng City Ordinance 2737-2018 na proteksyonan ang kalusugan at kapakanan ng mga mamamayan ng Quezon City, nang hindi nakokompromiso ang interes ng ibang stakeholders, maging ng mga gumagamit ng electronic cigarettes. "This ordinance is for the health of the general public, especially the children and the elderly who should not be exposed to these kinds of substances. Basically, this ordinance prohibits anyone to use electronic cigarettes in enclosed places where other people can be exposed to these e-cigarettes," ani Belmonte.

Kasama sa mga lugar na bawal ang

paggamit ng e-cigarette ay mga simbahan, ospital at health center, mga pampublikong sasakyan, government offices, mga paaralan at recreational facilities para sa mga menor-de-edad.

Nire-regulate rin sa ordinansa ang mga advertisement at promotion ng e-cigarette sa pamamagitan ng mga restriction tulad ng pagbabawal na ipakita ang aktwal ng paggamit ng vape, pagbabawal sa pagpapalabas ng mga promotional video sa tv, radyo at mga sinehan, at pagdidikit ng health warning sa mga advertisement nito.

Ang mahuhuling lalabag sa ordinansa ay magmumulta ng P500 hanggang P1,000 para sa first offense; P1,000 hanggang P2, 500 para sa second offense; at P2, 500 hanggang P5, 000 sa third offense at posibleng pagkansela ng permit sa mga lalabag na pribadong establisimento. *(Angie dela Cruz)*